# PAGTATAYO NG INYONG PALIPARAN

MAYO 2025

MELBOURNE AIRPORT

Maligayang pagdating sa aming regular na community newsletter upang panatilihin kang may kaalaman tungkol sa aming mga operasyon at proyekto sa Melbourne Airport, mga plano sa runway, mga oportunidad sa paliparan at iba pang kaugnay na balita.

Malugod naming tinatanggap ang inyong mga komento tungkol sa mga bagay na mahalaga sa inyo.



Isang render ng planong pagpapalawak ng internasyonal na terminal ng paliparan.

# Malaking bilang ng mga pasahero

Enero ang pinakamataong buwan sa kasaysayan ng Paliparan ng Melbourne, kung saan naitala ang malaking bilang na 3,393,977 pasaherong dumaan sa mga terminal. Nalampasan nito ang dating pinakamataas na bilang na 3,322,940 pasaherong naitala noong Disyembre 2019.

Kasama rito ang rekord na bilang ng mga internasyonal na biyahero, kung saan 1,238,829 katao ang dumaan sa internasyonal na terminal—mas mataas ng 14 porsyento kumpara noong Enero ng nakaraang taon. Tumaas ng limang porsyento ang mga pasaherong bumibiyahe sa loob ng bansa.

Dahil sa mga numerong ito, inanunsyo ng Melbourne Airport ang plano para sa isang $4.5 bilyong pagpapalawak ng internasyonal na terminal. Ang pagpapalawak ay lilikha ng mas maraming espasyo para sa check-in at mas malawak na lugar para sa pagkuha ng bagahe, pati na rin ng karagdagang mga gate para sa mga airline at dagdag na paradahan para sa mga eroplano.

Ang pagpapalawak ng internasyonal na terminal ay matutulungan ng mga kasalukuyang ginagawang kalsada sa paliparan. Habang ang pagpapabuti ng mga kalsada ay magbibigay ng direktang daan patungong paliparan mula sa Tullamarine Freeway, lilikha ng mga bagong itatalagang lugar para sa pick-up at drop-off, at makatutulong sa pagbabawas ng trapiko, magbibigay rin ito ng espasyo para palawakin pa ang terminal.

Kilala bilang Naarm Way Project, inaasahang matatapos ang mga ginagawaing kalsada sa huling bahagi ng 2026, habang nagpapatuloy pa ang mga pag-uusap sa mga airline upang maisagawa ang pagpapahusay ng terminal.

# Itinalaga na ang mga eksperto para sa Community Health Study

Noong Setyembre 2024, inaprubahan ng pamahalaang pederal ang pagtatayo ng ikatlong runway ng Melbourne Airport na parallel sa kasalukuyang north-south runway. Bilang kondisyon ng pag-apruba, nagtalaga ang Melbourne Airport ng mga independiyenteng eksperto sa kalusugan mula sa mga unibersidad ng Deakin at Liverpool upang magbalangkas ng mga tuntunin para sa isang independiyenteng pag-aaral tungkol sa epekto ng ingay mula sa mga eroplano sa kalusugan ng mga komunidad sa paligid ng paliparan.

Ang Community Health Study ang kauna-unahang pag-aaral ng ganitong uri sa anumang malaking paliparan sa Australia at mangangalap ng datos bago buksan ang ikatlong runway ng Melbourne Airport at pagkatapos nito para sa 20-taon sa hinaharap.

Ang mga independiyenteng eksperto ay itinalaga noong Enero ng taong ito sa pamamagitan ng konsultasyon sa Melbourne Airport Community Aviation Consultation Group. Ang draft ng mga tuntunin ng sanggunian para sa pag-aaral ay isusumite sa pamahalaang pederal pagsapit ng Setyembre 2025 para sa pag-apruba. Kapag naaprubahan, ito ay ilalathala sa website ng Melbourne Airport.

Isang pangkat ng mga eksperto sa kalusugan ang kukunin upang isagawa ang pag-aaral sa kalusugan ayon sa mga tuntunin ng sanggunian. Ang pangkat na ito ay kikilalanin sa taong 2026, sa pamamagitan muli ng konsultasyon sa Melbourne Airport Community Aviation Consultation Group.

Magkakaroon ng mga oportunidad para sa pakikilahok sa komunidad, at malalaman mo ang higit pa sa pag-scan nitong QR code.

PAKI-SCAN AKO

# Mga gawain sa Sunbury Road

Magsisimula ang Melbourne Airport ng mga gawaing kalsada sa Sunbury Road sa mga darating na buwan bilang bahagi ng paunang paghahanda para sa ikatlong runway. Itatayo ang isang pansamantalang interseksyon sa pagitan ng mga rotonda ng Wildwood Road at Oaklands Road upang bigyang-daan ang ligtas na pagpasok at paglabas sa paliparan ng mga sasakyang pangkonstruksyon.

Kasama sa proyekto ang pagkakabit ng pansamantalang ilaw trapiko, pagpapalawak at pagpapakinis ng kalsada, pinahusay na ilaw, at mga sumusuportang imprastruktura. Ang mga gawain ay nakatakdang matapos sa taong 2026.

Magkakaroon ng mga hakbang sa pamamahala ng trapiko, kabilang ang pagbawas ng mga limitasyon sa bilis ng mga sasakyan. Ang iskedyul ng proyekto ay hindi pa tiyak, at maaaring manatiling updated ang mga motorista sa mga naka-iskedyul na pagkaabala sa website ng Melbourne Airport.







# Iskedyul ng ikatlong runway

| 2024 | | 2025 | | 2026 | | 2027 | 2029 | 2030 | 2031 | 2032 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Naapruba-han na ang runway | Ang mga paunang gawain ay magsisimula | Pagpapahusay pa ng noise sharing at konsepto ng airspace | Ang mga pangunahing gawain sa konstruksyon ay magsisimula | Na-finalize na ang pagpaplano ng noise amelioration program | Ang detalyadong disenyo ng airspace ay magsisimula | Na-finalize na ang detalyadong disenyo ng airspace | Kahandaan sa operasyon at pagsubok | Pagbubukas ng runway | Kumpleto na ang lahat ng gawain. | |

# Gusto mo bang magtrabaho sa Melbourne Airport?

Kamakailan ay iginawad ang Best Airport sa rehiyon ng Australia/Pacific sa Skytrax awards sa ikatlong taon, ang Melbourne Airport team ay lumalaki habang tumataas ang pangangailangan para sa mga pasahero at kargamento. I-scan ang QR code para sa listahan ng mga kasalukuyang inaalok na trabaho sa Melbourne Airport at sa paligid nito.

PAKI-SCAN AKO

# Noise Amelioration Plan and Program

Ang Melbourne Airport ay bumubuo ng isang Plano at Programa para sa Pagpapahupa ng Ingay para sa mga kwalipikadong tahanan at pampublikong pasilidad na pinakaapektado ng ingay ng mga eroplano mula sa ikatlong runway.

Kasalukuyang binubuo ng Melbourne Airport ang saklaw ng planong ito, na isusumite sa pamahalaang pederal pagsapit ng Setyembre 2026 para sa pag-apruba. Kapag naaprubahan na ang plano, makikipag-ugnayan ang Melbourne Airport sa mga may-ari at nakatira sa mga kwalipikadong propyedad.

Ang saklaw ng plano ay magpapakita ng mga pagtataya ng ingay na kinabibilangan ng mga landas ng flight at pagtaas ng dami ng eroplano na dulot ng bagong ikatlong runway. Inaasahang magiging handa ang mga pagtatayang ito sa taong 2026.

Samantala, nakikipagtulungan ang paliparan sa Pamahalaan ng Victoria at sa mga konseho ng Lungsod ng Hume at Brimbank upang maunawaan ang kasalukuyang mga pamantayan sa pagpaplano at pagtatayo. Makikipagkonsulta rin ang paliparan sa Melbourne Airport Community Aviation Consultation Group at sa mga lokal na komunidad upang maunawaan kung paano huhubugin ang Noise Amelioration Plan na praktikal at epektibo. Magaganap ang konsultasyong ito sa buong 2025 at 2026. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapahupa ng ingay ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code na ito.

PAKI-SCAN AKO

## Malaking bilang ng mga pasahero

Ang buwan ng Enero ay minarkahan bilang pinakamataas na bilang ng mga pasahero sa kasaysayan ng paliparan!

| Enero | Pebrero | Marso |
|---|---|---|
| Kabuuang Bilang **3,393,977** ↑8% vs Enero 2024 | Kabuuang Bilang **2,729,545** ↓5% vs Pebrero 2024 | Kabuuang Bilang **2,945,645** ↓2% vs Marso 2024 |
| Biyahe sa Loob ng Bansa (Domestic) **2,155,148** ↑5% vs Enero 2024 | Biyahe sa Loob ng Bansa **1,799,189** ↓7% vs Pebrero 2024 | Biyahe sa loob ng Bansa **2,007,949** ↓4% vs Marso 2024 |
| Internasyonal **1,238,829** ↑14% vs Enero 2024 | Internasyonal **930,356** ↑2% vs Pebrero 2024 | Internasyonal **937,696** ↑1.5% vs Marso 2024 |

## Tungkol sa ikatlong runway

Ang Melbourne Airport ay nagtatayo ng ikatlong runway, na magbibigay ng kinakailangang kapasidad sa aviation para sa Victoria, tutulong sa paglikha ng libu-libong bagong trabaho, at magbibigay ng mas maraming pagpipilian para sa mga pasahero at mga nagluluwas ng produkto. Inaprubahan ng pamahalaang pederal ang proyekto pagkatapos ng 104-araw na konsultasyon sa komunidad noong 2022 at isang masusing pagtatasa ng mga benepisyo at epekto ng proyekto.

Ang 3000-metrong haba ng runway ay itatayo nang parallel at 1.3 kilometro sa kanlurang bahagi ng kasalukuyang north-south runway. Kapag ito ay binuksan sa 2031, ang parallel runway system ay magpapahintulot ng sabayang pag-alis at paglapag ng mga eroplano, na makakatulong sa pagtugon sa tumataas na demand para sa kargamento at mga pasahero, magpapababa ng mga pagkaantala, magsusuporta sa kompetisyon, at magbibigay sa mga kasalukuyan at bagong mga airline ng imprastruktura na kailangan nila upang lumago.

# Airport Rail update

Noong Marso, nilagdaan ng Melbourne Airport ang isang Memorandum of Understanding kasama ang Pamahalaan ng Victoria at ang Pamahalaang Pederal upang itulak ang proyektong Airport Rail Link.

Ang Airport Rail ay isang mahalagang proyekto para sa Victoria. Ang pagbubukas ng ikatlong runway sa 2031 ay magbibigay ng karagdagang kapasidad sa aviation para sa Victoria, at mahalaga na may mga karagdagang opsyon sa transportasyon upang makapaghatid ng mas maraming pasahero at mga kawani.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa proyekto ay matatagpuan sa website ng Big Build ng Pamahalaan ng Victoria. Ang pag-scan ng QR code na ito ay magdadala sa iyo nang direkta sa kanilang website.

PAKI-SCAN AKO



Airport Rail concept lamang

# May tanong ka ba?

## Paparating nang mga community pop-up

Abangan ang bago naming mobile information trailer na malapit nang dumating sa inyong lugar! Halina't magtanong at kilalanin ang aming team sa mga sumusunod na kaganapan:

**Sabado ika-21 ng Hunyo** – 5-10pm
Hume Winter Lights Festival,
Broadmeadows Town Hall

**Sabado ika-16 ng Agosto –** 11am-3.30pm
Joe Brown Oval, Keilor

Kung mayroon kang tanong tungkol sa ikatlong runway o anumang proyektong isinasagawa sa Melbourne Airport, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng **newrunway@melair.com.au** o **(03) 9297 1597**.

## Sumali sa usapan:

Maaari mo ring tanungin si MEL, ang virtual assistant ng ating komunidad. Paki-scan itong QR code upang magsimula ng usapan.



PAKI-SCAN AKO

PAKI-SCAN AKO

## I-scan ang QR code upang bisitahin ang Melbourne Airport Translation Hub.

Isinalin ang newsletter na ito sa iba't ibang wika.
Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa pagsasalinwika sa community@melair.com.au o tumawag sa amin sa 03 9297 1597.

### عربي

لزيارة مركز (QR code) امسحوا رمز الاستجابة السريعة الترجمة التابع لمطار ملبورن افتراضياً. إن هذه النشرة الإخبارية المجتمعية التي تصدر بانتظام تُبقيكم على اطلاع بآخر أخبار خطط المدرج الثالث في مطار ملبورن والأخبار الأخرى ذات الصلة بهذا الموضوع، وقد تُرجمت هذه النشرة إلى عدّة لغات. لطلب نُسخة مُترجَمة بلغتكم، يُرجى إرسال رسالة إلكترونية إلى العنوان التالي community@melair.com.au أو الاتصال بنا على الرقم 03 9297 1597.

### ܐܵܬܘܿܪܵܝܵܐ

ܠܣܲܚܪܘܼܬܵܐ ܡܢܲܚܠܵܢ ܕܬܲܪܓܡܵܢܘܼܬܵܐ QR ܡܣܲܟܢܣܘܼ، ܠܹܗ ܟܘܿܕܵܐ ܕ ܕܒܹܝܬ ܛܲܝܵܣܹܐ ܕܡܹܠܒܘܿܪܢ. ܐܵܗܵܐ ܡܲܟܬܒܵܢܘܼܬܵܐ ܙܲܒܢܵܝܬܵܐ ܕܥܲܡܘܼܡܵܝܘܼܬܵܐ ܒܹܕ ܡܲܝܕܥܵܢܠܘܿܟܼܘܿܢ، ܕܐܵܡܵܢܵܐ، ܒܢܲܝܫܲܝ̈ܐ ܥܲܠ ܫܘܼܠܵܛܹ̈ܐ ܕܬܘܼܠܵܬܵܐ ܕܡܲܥܒܪܵܢܵܐ ܥܲܠܬܘܼܬܵܐ ܕܒܹܝܬ ܛܲܝܵܣܹܐ ܕܡܹܠܒܘܿܪܢ، ܘܚܲܕ̈ܒܵܐ ܐ̱ܚܹܪ̈ܢܹܐ ܐܲܚܪ̈ܢܹܐ. ܡܲܟܬܒܵܢܘܼܬܵܐ ܦܬܝܼܬܵܐ ܝܠܵܗ ܡܬܘܼܪܓܸܡܬܵܐ ܠܟܡܵܐ ܠܸܫܵܢܹ̈ܐ ܕܠܘܼܝܹ̈ܐ. ܐܸܢ ܒܲܥܝܵܐ ܝܘܲܬܘܿܢ، ܫܘܼܡܠܸܫܘܼ، ܒܲܥܲܝ ܡܸܢܵܟܼܘܿܢ ܕܫܲܕܪܘܼܢ ܢܘܼܗܵܪܵܐ ܒ community@melair.com.au ܕܬܲܪܓܡܵܢܘܼܬܵܐ ܥܲܡ ܡܲܚܪܘܼܬܵܐ ܦܫܝܼܛܘܼ، ܠܲܢ ܥܲܡ ܡܢܝܵܢܵܐ 03 9297 1597.

### 繁體中文

掃描 QR 碼前往墨爾本機場翻譯中心。您可以透過這份時事通訊來瞭解墨爾本機場第三條跑道的計劃和其他相關新聞。我們提供多種語言的翻譯版本。如需獲取翻譯版時事通訊，請寄送電郵至 community@melair.com.au 或致電 03 9297 1597 聯繫我們。

### FILIPINO

I-scan ang QR code upang bisitahin ang Melbourne Airport Translation Hub. Ang regular na pahayagang pangkomunidad na ito ay nagbibigay sa inyo ng mga impormasyon tungkol sa mga plano para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport at iba pang kaugnay na balita. Isinalin ito sa iba't ibang wika. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa pagsasalinwika sa community@melair.com.au o tumawag sa amin sa 03 9297 1597.

### ΕΛΛΗΝΙΚΑ

**Σκανάρετε τον κωδικό QR για να επισκεφθείτε τη Μεταφραστική Υπηρεσία του Αεροδρομίου Μελβούρνης. Αυτό το τακτικό κοινοτικό ενημερωτικό δελτίο σάς κρατά ενήμερους για τα σχέδια του τρίτου αεροδιαδρόμου του Αεροδρομίου Μελβούρνης και άλλα σχετικά νέα. Έχει μεταφραστεί σε διάφορες γλώσσες. Επικοινωνήστε μαζί μας για μεταφρασμένες πληροφορίες στο community@melair.com.au ή καλέστε μας στο 03 9297 1597.**

### हिंदी

मेलबर्न एयरपोर्ट ट्रांसलेशन हब पर जाने के लिए क्यूआर कोड स्कैन करें। यह नियमित सामुदायिक न्यूज़लेटर आपको मेलबर्न हवाईअड्डे की तीसरी रनवे योजनाओं और इससे संबंधित अन्य समाचारों के बारे में सूचित रखता है। इसका अनुवाद कई अलग-अलग भाषाओं में किया गया है। अनुवाद के लिए कृपया हमसे community@melair.com.au पर संपर्क करें या हमें 03 9297 1597 पर कॉल करें।

### ITALIAN

Scannerizza il codice QR per visitare l'hub per le traduzioni di Melbourne Airport. Questa regolare newsletter comunitaria vi tiene informati sui piani per la terza pista dell'aeroporto di Melbourne e su altre notizie correlate. La newsletter è stata tradotta in varie lingue. Potete contattarci per una traduzione all'indirizzo community@melair.com.au o chiamandoci al numero 03 9297 1597.

### МАКЕДОНСКИ

Скенирајте го QR кодот за да го посетите Преведувачкиот центар на Аеродромот Мелбурн. Овој редовен билтен на заедницата постојано ве информира за плановите за третата писта на Аеродромот Мелбурн и за други слични новости. Билтенот е преведен на низа јазици. За преведени билтени ве молиме контактирајте со нас на community@melair.com.au или јавете ни се на 03 9297 1597.

### MALTI

Isskennja l-kodiċi QR biex iżżur il-Hub tat-Traduzzjoni tal-Ajruport ta' Melbourne. Din in-newsletter regolari tal-komunità iżżommok infurmat dwar il-pjanijiet tat-tielet runway tal-Ajruport ta' Melbourne u dwar aħbarijiet relatati. Ġiet tradotta f'lingwi diversi. Jekk jogħġbok ikkuntattjana għal traduzzjoni fuq community@melair.com.au jew ċemplilna fuq 03 9297 1597.

### ਪੰਜਾਬੀ

ਮੈਲਬੌਰਨ ਏਅਰਪੋਰਟ ਟ੍ਰਾਂਸਲੇਸ਼ਨ ਹੱਬ 'ਤੇ ਜਾਣ ਲਈ QR ਕੋਡ ਨੂੰ ਸਕੈਨ ਕਰੋ। ਇਹ ਬਕਾਇਦਾ ਛਪਣ ਵਾਲਾ ਭਾਈਚਾਰਕ ਖ਼ਬਰਨਾਮਾ (ਕਮਿਊਨਿਟੀ ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰ) ਤੁਹਾਨੂੰ ਮੈਲਬੌਰਨ ਹਵਾਈ ਅੱਡੇ ਦੇ ਤੀਜੇ ਰੱਨਵੇਅ ਦੀਆਂ ਯੋਜਨਾਵਾਂ ਅਤੇ ਹੋਰ ਸੰਬੰਧਿਤ ਖ਼ਬਰਾਂ ਬਾਰੇ ਸੂਚਿਤ ਰੱਖਦਾ ਹੈ। ਇਸ ਦਾ ਕਈ ਭਾਸ਼ਾਵਾਂ ਵਿੱਚ ਅਨੁਵਾਦ ਕੀਤਾ ਗਿਆ ਹੈ। ਅਨੁਵਾਦ ਵਾਸਤੇ ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਸਾਡੇ ਨਾਲ community@melair.com.au 'ਤੇ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ਫਿਰ 03 9297 1597 'ਤੇ ਸਾਨੂੰ ਫ਼ੋਨ ਕਰੋ।

### TÜRKÇE

Melbourne Havalimanı Tercüme Merkezini ziyaret etmek için karekodu tarayın. Düzenli çıkarılan bu toplum bülteni, Melbourne Havalimanı'nın üçüncü pist planları ve ilgili diğer gelişmelerle ilgili sizi bilgilendirir. Bültenler pek çok dile çevrilmiştir. Çevirileri edinmek için lütfen bize community@melair.com.au e-posta adresinden veya 03 9297 1597 numaralı telefondan ulaşın.

### TIẾNG VIỆT

Hãy quét mã QR để truy cập Trung tâm Dịch thuật về Sân bay Melbourne. Bản tin cộng đồng thường kỳ này sẽ giúp quý vị cập nhật thông tin về các kế hoạch xây dựng đường băng thứ ba của Sân bay Melbourne và các tin tức liên quan khác. Bản tin đã được dịch sang nhiều ngôn ngữ khác nhau. Vui lòng liên hệ với chúng tôi để nhận bản dịch qua community@melair.com.au hoặc gọi cho chúng tôi theo số 03 9297 1597.